

# Chapter One



**M**urals sa kisame ng landscape ng Derbyshire ang munang nakita ni Alistair nang imulat niya ang mga mata. Tumingin siya sa alarm clock, six a.m. Excited siyang bumangon dahil ngayon ang kanyang flight papuntang Singapore para tingnan ang posibleng market ng airline company niya roon.

Naka-base sa England ang kanyang kompanya, ang *Sunderman Aviation*, na nag-aalok ng mga murang flights sa mga backpackers. Nagsimula lamang sa dalawang maliliit na eroplano, lumago na sa kinseng eroplano ang kanyang negosyo at lumilipad na patungo sa halos lahat ng bansa sa Europa.

Ngayon ay nagpaplano siyang bumili ng malalaking airbus para magbiyahe papuntang Asia dahil maganda ngayon ang budget tourism doon.

Napatingin siya sa bintana. Natatakpan ng hamog ang lawa na nasa gilid ng kastilyo ng kanyang mga magulang dito sa Derbyshire. Nagsisimula na kasi ang winter. Nagpalipas siya ng gabi sa dati niyang kuwarto dahil kahapon ay kaarawan ng kanyang ina na si Lady Mary Sunderland, bunsong anak ng isang duke na descendant ni Queen Anne.

Bumangon siya, naghanda, pagkatapos ay bumaba ng hagdan para makapunta sa kusina at makapagkape.

“Good morning, Alistair!” bati ng kanilang butler na

si Mr. Gray.

“Good morning!” masaya niya ring bati. Dumerecho siya sa kusina at doon nag-agahan. Nagbabasa siya ng diyaryo nang mag-ring ang telepono. Ang kasintahan niyang si Arabella ang nasa kabilang linya.

“You need to congratulate me, Sweetie!” masayang sabi ng babae. “They’ve named me one of London’s *Most Stylish* this year!”

“Wow, Sweetheart, congratulations! How I wish we could celebrate that tonight but I’m going to Singapore today.”

“It’s okay, Darling! We can celebrate when you return! See you here at the apartment later.”

“Okay.” Saglit pa silang naglambingan bago nila ibinaba ang mga telepono.

Alas ocho nang umalis sila ng kanyang chauffeur ng Derbyshire. Matapos ang isang oras at kalahating biyahe ay narating na nila ang London. Dumerecho si Alistair sa apartment para makita si Arabella at makuha ang kanyang mga bagahe. Pagkatapos ay nagpahatid siya papuntang Heathrow Airport. Alas doce ay naka-board na siya ng eroplano na patungong Singapore.



Mahapdi sa balat ang sikat ng araw ng alas dos ng hapon sa *Dagat Celebes*. Tinatamad na nagsagwan si Aya habang sakay ng maliit na vinta papunta sa dugtong-dugtong na tulay na nakakabit sa tagpi-tagping pamamahay na nakatayo sa gitna ng dagat. Sa tagong isla na sila ipinanganak at lumaki na mga Badjao.

Ulilang-lubos na si Aya. Namatay ang kanyang ina noong ipanganak siya nito, at ang ama naman niya ay napatay ng mga militar sa isang sagupaan sa Basilan.

Kung ang ina niya ay Badjao, ang ama naman niya ay Tausug. May kapatid siyang si Abdul at sumasama-sama rin sa mga bandido tulad ng ama niya. Lumaki kasi ang kuya niya sa pamilya ng tatay niya kung saan lahat ng lalaki ay kasapi ng isang bandidong grupo. Ang nagpalaki naman kay Aya ay ang kanyang Lola Hassana. Ito ang lola niya sa ina na isa ring Badjao at ang babaylan ng kanilang komunidad. Ito ang dahilan kung bakit lumaki siyang naniniwala kay Ombok Dilaut.

Pumanaw na nga ang matanda nitong nagdaang taon lang. Iniwan nito sa kanya ang dampa na pinakamalayo mula sa pampang. At dahil nabuburo siya sa dampa ay nagpasya si Aya na gumala-gala sakay ng vinta at makibalita sa mga kabarangay.

Itinali niya ang vinta sa isang poste at umakyat sa isang tulay patungo sa bahay ng isang kaedad. Nakita niya kasing may mga nag-uumpukan doon. Pumasok din siya sa loob para makigulo.

Nasa gitna ng bahay si Happia, ipinagmamalaki ang batik na galing Zamboanga na regalo raw ng asawa nitong Tausug.

Napaawang ang mga labi ni Aya dahil maganda talaga ang kulay gintong tela. At dahil lumapit ang lahat para haplusin ang tela, lumapit din siya. Iniunat niya ang isang kamay patungo roon nang ilayo ni Happia ang tela.

“Sino’ng nagsabi sa ’yo na puwede kang makihaplos?”

tanong ng babae habang nakataas ang isang kilay.

Kahit noon pa man ay mainit na ang dugo sa kanya ng kaedad. Magkaklase sila nito noong nasa elementarya sila sa patag. Paborito siya nitong alilain. May pagkainggitera kasi ito lalo na't siya ang paborito ng mga guro nila. Binawi na lang niya ang kamay.

“At sino’ng nagsabi sa ’yo na puwede kang pumasok dito?” tanong muli ni Happia.

Lahat ng nasa loob ng dampang ay nakatingin na sa kanya. Lumabas na lang si Aya at doon na lang tumayo sa bintana para tingnan mula sa malayo ang tela. Pangarap niya kasing magkaroon ng ganoon para gawing palda. Minsan kasi pumunta sila ng Marawi noong doce anyos siya at may nakita siyang prinsesang nakasuot ng napakagandang paldang yari sa telang ginto at berdeng arabeske. Isang linggo talaga siyang hindi nakatulog sa kaiisip sa paldang iyon.

Nakita niyang bumulong si Happia kay Alim. Mayamaya ay tumayo si Alim at isinara nito ang bintana, pati na rin ang pintuan. Wala na siyang nagawa kundi ang lumakad na lang palayo at ipagpatuloy ang paggala.

Alam naman niyang minamaliit siya rito sa kanila dahil beinte uno na siya ngunit wala pa rin siyang asawa habang ang ibang kalahi ay disisais pa lang kasal na. Ipinangako kasi siya ng kapatid niyang si Abdul kay Sharif, isang Tausug. Hindi sila naikasal kaagad dahil pumunta ng Pakistan si Sharif para mag-aral.

Ang totoo niyan, maraming mga Badjao sa kanila at sa mga karatig- isla ang nakipag-usap kay Abdul na

gustong magpakasal sa kanya, ngunit ayaw ng mga kapamilya niyang Tausug. Dapat daw Tausug din ang mapangasawa niya. Para sa mga ito, mas magandang buhay ang maibibigay ni Sharif dahil, hindi tulad ng karamihan sa kanilang isla, nakapag-aral ito.

Kinse siya nang umalis si Sharif sa isla. Isinama ito ng isang Arabo para pag-aralin sa isang *Madrrasah* sa Pakistan. Anim na taon na ang nakalilipas ay hindi pa rin bumabalik ang lalaki.

Sabi nga ng iba ay baka patay na. Hindi naman siya basta-basta maipapakasal ni Abdul sa iba hangga't hindi siguradong patay na nga ang kaibigan. Kung babalik man iyon, siguradong mataas na ang ranggong ibibigay ng pinuno ng bandidong grupong kinabibilangan nito dahil kamag-anak nito si Sharif. Patay ang kanyang kapatid kung magkataon.



Pagkatapos ng meeting ni Alistair sa Singapore, tumuloy siya sa Malaysia para um-attend ng isang summit na gaganapin sa *Putra World Trade Center*. At nang matapos iyon, lumipad siya patungo sa isa sa mga resorts ng kaibigang si Anthony sa Sarawak. Isa ring Briton ang lalaki na nakapangasawa ng Malaysian.

“I can’t accompany you this morning,” sabi ng kaibigan nang ayain niya itong maglayag sa yate nito. “There are things that I need to attend to but I’ll meet you this afternoon when you come back.”

“All right,” sabi niya. Marunong din naman kasi siyang maglayag ng yate.

Matingkad na asul ang langit at tila sinabuyan ng kumikinang na mga diamante ang dagat nang maglayag siya papunta sa gitna ng karagatan. Nang maipasyang tama na ang layo niya sa pampang, inihinto niya ang yate.

Tumayo siya sa tabi ng railing at huminga nang malalim, natutuwa sa ganda ng paligid at sa katahimikan. Sa wakas, makakapag-relax na rin siya kahit ngayong umaga lang. Naupo si Alistair sa isa sa mga lounge chairs na nasa deck ng yate at kinuha ang dala niyang librong isinulat ni Gabriel García Márquez. Sa wakas, mababasa na rin niya iyon.

Abala siya sa pagbabasa kaya hindi niya namalayan ang paglapit sa yate ng isang medyo kalawanging fishing boat. Napansin na lang niya iyon nang halos nasa tabi na ito ng yate at lumundag mula roon ang isang lalaking may dalang armalite at itinutok iyon sa kanya.

Itinaas niya ang mga kamay para ipakitang hindi siya lalaban.

“This is kidnap!” balikong sabi ng lalaki gamit ang isang eksotikong tono. Malay ang hitsura ng lalaki at nakasuot ng fatigue na pantalon na pinaresan ng maduming dilaw na long sleeves.

Dalawa pang lalaki ang tumalon pasakay sa yate niya at hinablot siya ng mga ito. Ang sumunod na lang niyang alam ay kinakaladkad na siya patungo sa bangka ng mga ito. Umandar ang sinasakyan niya at nakitang kasabay niyon ang pag-andar din ng yate niya. Sabay silang naglayag palayo.

Nang makita ang papalayong dalampasigan ay sininghalan niya ang mga ito. “Where are you taking me?”

Hindi sinagot ng mga bandido ang tanong niya.

Mahaba ang biniyahe nila at gabi na nang huminto sila sa isang isla para kumuha ng gasolina. Nagbiyahe uli sila buong umaga bago muling huminto sa isa pang isla para kumuha ng makakain.

Siniguro ng mga bandido na malayo sila sa mga ibang sasakyang pangdagat. May nakasalubong silang isang yate at mukhang sa mga kasamahan iyon ng mga ito dahil nagsaluduhan pa.

Pakiramdam ni Alistair, parang nakalabas na sila ng Malaysia. Hindi siya pamilyar sa rehiyong ito ng mundo. Ang alam lang niya noong gumawa siya ng market research ay magkakatabing mga bansa ang Malaysia, Philippines, Indonesia at Thailand.

“Where are we going?” tanong niya sa medyo bata pang bandido.

“Mindanao, Philippines,” sagot nito.

“I told you, if you need money, just let me make a phone call. I can immediately make arrangements to transfer—”

Galit na suminghal ang kalbo at natigilan siya. Hindi na rin muling nagsalita ang binatilyong kausap niya kanina. Hindi na rin muling nagsalita si Alistair.

Sa tingin niya, mga tatlo o apat na oras pa mula nang lumubog ang araw sila nagbiyahe. Nakatingin lang siya sa kadiliman nang akala niya ay namamalik-mata

siyang nakakita ng mga ilaw sa abot-tanaw. Hindi niya naintindihan kaagad kung ano ang mga iyon hanggang sa mas makalapit sila. Maliwanag ang buwan kaya nasilayan ng kanyang mga mata ang mga pamamahay na tila lumulutang sa tubig.

Huminto sila sa unang dampa na nalapitan mula sa dagat.

May sinabi si Kalbo sa isang kasamahan nito na tumango bago hinablot ang braso niya at hinila siya patayo. Itinulak siya nito palabas ng bangka, papunta sa batalan na gawa sa kawayan. Tumunog na agad ang motor ng bangka para makaalis.

Habang nakatutok ang baril sa kanya, sumenyas ang lalaki na dumerecho siya sa pinto. Dahan-dahan siyang lumakad para hindi mahulog sa tubig. Kinalampag ng lalaki ang pinto.

Isang bata ang nagbukas niyon. Pumasok sila sa loob. Nasilaw si Alistair nang may magsindi ng isang gasera. Doon niya napagtanto na hindi pala bata ang babaeng sumalubong sa kanila. Mukhang bata lang ito dahil sa maliit na katawang Asyana na tinatakpan ng mahabang pajama at long sleeves. Maganda ito, may kaliitan ang mukha, parang sa gansa ang leeg at lampas-baywang ang buhok.

Napatitig ito sa kanya, namimilog ang mga mata na parang ngayon lang nakakita ng European.

May gulat sa tinig nito nang kausapin nito ang kidnapper niya na pasinghal namang sumagot habang itinatali ang mga pupulsuhan niya sa isang haligi gamit



ang medyo makapal na tanso.

Natahimik ang babae sa narinig.

Sa tingin niya ay magkapatid ang dalawa dahil may hawig ang mga ito. Parehong maliit ang mukha, maliit din ang ilong at bilugan ang mga mata. Mas maputi nga lang ang babae nang bahagya. At balingkinitan ang babae samantalang ang lalaki ay malaki ang katawan at maskulado.

Nakatitig pa rin sa kanya ang babae at wala na rin siyang nagawa kundi ang titigan lang ito. Tumayo ito at lumapit bago hinawakan ang ilong niya.

Sinigawan ito ng kapatid nito. Binitawan siya ng estranghero bago sumagot pero muli itong sinigawan ng kausap. May sinabi pa ito ulit bago bumalik sa higaan nito. Matagal pa siya nitong pinagmasdan bago siya nito tinalikuran para muling matulog.

Noon lang niya nadama ang sariling antok at pagod. Napasandal siya sa haligi at kahit pa hindi komportable sa kinauupuan, napapikit na rin ang kanyang mga mata.

